

SEVEN HOLY FOUNDERS OF THE SERVITE ORDER

Thirteenth Century

February 17—Optional Memorial

Invoked to aid in the imitation of the charity and patience of Our Lady of Sorrows

Group dynamics encourage fidelity to individual good intentions

There are many reasons to join a group. To quilt, play soccer, learn chess, travel, or meet new friends. We accomplish personal goals in a group that we would never accomplish alone. Groups create positive peer pressure for their members to show up on time, read the book, do the exercise, or complete the task assigned. When we join a group we are freely creating obligations for ourselves, because we know, deep down, that accountability to others encourages fidelity to our own obligations.

The groups of the medieval world were called guilds. Craftsmen of similar skills and professions organized in guilds to learn, promote, and protect their trade. Guilds offered mutual assistance to their members that no individual could replicate. There was power in numbers. Today's feast commemorates seven young men who belonged to a merchant guild in Florence, Italy, in the 1200s. These seven men were serious Christians. They loved God and the Church. And in addition to protecting their commercial interests by joining a guild, they also protected their souls by joining a local spiritual guild called the Confraternity of the Blessed Virgin, where their spiritual exercises were guided by a wise and educated priest who encouraged their devotion.

After the members of the Confraternity experienced mystical visions of the Virgin Mary, there was nothing left to do except abandon their worldly concerns, set aside money for their families to live without their help, and flee the busy city for a solitary life in the nearby mountains. The Seven fasted, prayed, and lived lives of such extreme austerity that a visiting cardinal admonished them to stop living like dogs. Over time they

adopted a rule, accepted new recruits, elected leaders, and spread throughout Italy and beyond. They eventually took the name of the Order of Servants of the Blessed Virgin Mary, also known as the Servants of Mary, or Servites.

The Seven Holy Founders were especially devoted to the Seven Sorrows of Mary, and the Servites were instrumental in the Feast of Our Lady of Sorrows becoming part of the Church's calendar on September 15. The Sorrows of Mary, the sword that pierced her heart, the tears she shed when witnessing Our Lord's passion and death, motivated the Seven Holy Founders to promote devotion to Mary under this title. Mary was strong and stood at the foot of the cross. But she was also a mom who loved her boy. So she had a heavy heart that continually pondered what His suffering meant. We unite in joy at Christ's resurrection on Easter and join with Mary's sorrow just days before. The emotions of Scripture become the emotions of those who read it and those who live it in the liturgy and devotions of the Church.

The names of the Seven Holy Founders are known. But the Church celebrates them as a group, with their individuality ceding to their group identity. Together they accomplished more than seven men working separately could ever have accomplished. Their confraternity became an Order, and that Order still exists for the mutual spiritual benefit of all, a theological guild holding its members to high standards of spiritual perfection. Servite priests and brothers are still active in various countries around the world, hundreds of years after the Order's founding. This is a testament to the immovable, rock solid, foundation on which its Seven Holy Founders constructed their spiritual and theological home.

On your feast day, our thoughts and prayers turn to you, the Seven Holy Founders of the Servite Order. Help us to find mutual support and assistance in loving God and Mary through a holy alliance with like-minded Christians. Through your intercession and example of group love of God, may our love for Him burn hotter and longer than a single flame.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-17-seven-holy-founders-of-the-servite-order/

IKA-17 NG PEBRERO, HUWEBES II

Ang Pitong Tagapagtatag ng Orden ng mga Lingkod
ng Mahal na Birheng Maria

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Lumapit tayo sa Panginoon at awitan siya ng papuri.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’ y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila’ ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, ”Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.”
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

O Diyos ng liwanag, umaga ay dumatal
Ang pangako mong pag-ibig sa amin ay ibigay,
Bawat bagong simula’y pagkakataong alay,
Hamog ang s’yang katulad, mula sa kalangitan.

Ang biyaya mo, Ama, ay hindi nagkukulang,
Ang Anak mo ay Pagkaing nagbibigay-buhay,
Ang Espiritung Banal, dulot ay pagmamahal,
Upang kaming ’yong anak, sa piling mo’y manahan.

Gawin kaming lingkod mo, ng ’yong kapayapaan,
Takot nami’y alisin, ’yong lakas ang ibigay,
Makapiling ka nawa, ngayo’t sa buong araw,
Pagkat kung kasama ka, lahat ay kagalakan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Panginoon, gamitin mo ang iyong kapangyarihan at kami'y dagling tulungan.**

Salmo 80

(PANGINOON, halina't ingatan ang iyong ubasan)

Pastol ng Israel,
Ikaw na nanguna't umakay kay Jose, na tulad sa kawan,
Ikiling sa amin ang iyong pandinig, kami ay pakinggan;
Mula sa trono mong may mga kerubin, kami ay tulungan.
Ang iyong pag-ibig
Iyong ipadama sa angkan ni Efraim, Manases at Benjamin,
Sa taglay mong lakas, kami ay iligtas, sa hirap ay tubusin!

Ibalik mo kami, PANGINOONG Diyos,
at ipadama mo ang 'yong pagmamahal,
Iligtas mo kami, at sa iyong sinag kami ay tanglawan!

Makapangyarihang Diyos,
Hanggang kailan ba patatagalin mo ang galit sa amin?
Hanggang kailan pa diringgin mo kami sa aming dalangin?
Masdan mo nga kami
Sa tuwi-tuwina'y tinapay ng luha yaong kinakain,
Luha ng hinagpis, ang inihanda mo na aming inumin.
Iyong binayaan,
Na ang mga bansa sa aming paligid kami ay bakahin,
Iyong tinulutang kami'y pagtawanan ng kaaway namin.

Ibalik mo kami, PANGINOONG Diyos,
at ipadama mo ang 'yong pagmamahal,
Iligtas mo kami at sa iyong sinag, kami ay tanglawan!

Mula sa Egipto, ikaw ay naglabas ng puno ng ubas,
saka itinanim sa lupang dayuhan, matapos ang tao roo'y palayasin.
Ngunit nilinis mo muna't pinagyaman.
Ang piniling lugar na pagtataniman,
Doon ay nag-ugat, ang buong lupain ay nalaganapan.

Nagsanga ang puno, lumagong mabuti
at ang kabunduka'y kanyang naliliman,
Mga punong sedro'y naliliman pati ng sangang malabay.
Hanggang sa ibayo, sa ibayong dagat,
ang sangang malabay nito' y nakaabot,
Pati mga ugat humabang mabuti't umabot sa ilog.

Bakit mo sinira? Sinira ang pader,
kung kaya napasok nitong dumaraan,
Pinipitas tuloy yaong bunga nitong tanim na naturan.
Mga baboy damong nagmula sa gubat,
Niluluray itong walang pakundangan,
Kinakain ito ng lahat ng hayop na nasa sa parang.

Ikaw'y manumbalik, O Diyos na Dakila!
Pagmasdan mo kami mula sa itaas,
At ang punong ito'y muling pagyamanin, at iyong iligtas.

Lumapit ka sana,
Ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas,
Yaong punong iyon na pinalago mo't iyong pinalakas!
Ito ay sinunog, sinunog pa nila ang nasabing puno matapos maputol,
Sa 'yong kagalitan ay iyong harapin at nang mangalipol.

Ang mga lingkod mo ay iyong ingatan,
yamang hinirang mo ay ipagsanggalang,
Iyong palakasin bilang isang bansang makapangyarihan!
At kung magkagayon,
Magbabalik kami't di na magtataksil sa 'yo kailanman,
Kami'y pasiglahi't aming pupurihin ang iyong pangalan.

Kami ay ibalik, PANGINOONG Diyos,
at ipadama mo ang ’yong pagmamahal,
Iligtas mo kami at sa iyong sinag, kami ay tanglawan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Panginoon, gamitin mo ang iyong kapangyarihan at kami’y dagling tulungan.**

Antipona 2: **Gumawa ang Panginoon ng mga kahangahangang bagay, ipahayag natin ito hanggang sa dulo ng daigdig.**

Awit: Isaias 12:1-6
(Ang kagalakan ng bayang tinubos ng Diyos)

PANGINOON, pinasasalamatan kita,
Sapagkat kung nagalit ka man sa akin,
Napawi na ang galit mo,
At ako’y iyong inaliw.

Ang Diyos ang siyang nagliligtas sa akin,
Tiwalang-tiwala ako at wala munti mang pangamba.
Sapagkat ang PANGINOON ang lahat sa akin,
Siya ang aking awit, ang aking kaligtasan.

Malugod kayong sasalok ng tubig
Sa batis ng kaligtasan.
Sasabihin ninyo sa araw na iyon:
Magpasalamat kayo sa PANGINOON,
Siya ang inyong tawagan;
Ipaalam ninyo sa mga bansa ang kanyang ginawa,
Ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan.

Umawit kayo ng papuri sa PANGINOON,
Sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa,
Ipahayag ninyo ito sa buong daigdig.
Mga anak ng Sion, umawit kayo nang buong galak,
Sapagkat nasa piling ninyo ang dakila
At Banal ng Israel.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Gumawa ang Panginoon ng mga kahangahangang bagay, ipahayag natin ito hanggang sa dulo ng daigdig.**

Antipona 3: **Masiglang awitan ang Diyos na Tagapagligtas.**

Salmo 81

(Taimtim na pagpapanibago ng Tipan)

Masiglang awitan ang Tagapagligtas,
Itong Diyos ni Jacob, awitang may galak.

Umawit sa saliw nitong pandereta,
Kasabay ng tugtog ng lira at alpa.
Hipan ang trumpeta tuwing nagdiriwang,
Kung buwan ay bago't nasa kabilugan.

Sa bansang Israel, ito yaong utos,
Batas na ginawa nitong Diyos ni Jacob.
Sa mga hinirang, ang utos di'y ito
Nang sila'y ilabas sa bansang Egipto.

Ganito ang wika na aking narinig:
"Mabigat mong dala'y aking iniibis,
Ipinababa ko ang pasaning basket.
Iniligtas kita sa gitna ng hirap,
Iniligtas kita nang ikaw'y tumawag;

Tinugon din kita sa gitna ng kidlat,
At sinubok kita sa Batis Meriba.
Kapag nangungusap, ako'y inyong dinggin,
Sana'y makinig ka, O bansang Israel.

Ang diyus-diyusa'y huwag mong paglingkuran,
Diyos ng ibang bansa'y di dapat luhuran.
Ako ay ang PANGINOON, ako ang Diyos mo,
Ako ang tumubos sa 'yo sa Egipto;
May pagkain ako na handa sa iyo.

"Ngunit ang bayan ko'y hindi ako pansin,
Di ako sinunod ng bayang Israel,
Sa tigas ng puso, aking binayaang
Ang sariling gusto nila'y siyang sundan.

Ang tangi kong hangad, sana ako'y sundin,
Sundin ang utos ko ng bayang Israel;
Ang kaaway nila'y aking lulupigin,
Lahat ng kaaway agad lilipulin.

Silang namumuhi't sa 'ki'y napopoot,
Ay magsisiyuko sa laki ng takot,
Ang parusa nila'y walang pagkatapos.
Ang lalong mabuting bunga nitong trigo,
Ang siyang sa inyo'y ipapakain ko;
At ang gusto ninyong masarap na pulot,
Ang siyang sa inyo'y aking idudulot."

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Masiglang awitan ang Diyos na Tagapagligtas.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(Roma 14:12-13, 17-19)

Kaya't lahat tayo ay magbibigay-sulit sa Diyos. Huwag na tayong humatol sa isa't isa. Sa halip, iwasan na nating tayo'y maging dahilan ng pagkakasala ng ating kapatid. Sapagkat ang pagpasok ng tao sa Kaharian ng Diyos ay hindi nababatay sa pagkain at inumin kundi sa pagiging matuwid, pagkakasundu-sundo at kagalakan na pawang kaloob ng Espiritu Santo. Ang naglilingkod nang gayon kay Kristo ay kinalulugdan ng Diyos at iginagalang ng mga tao. Kaya't pagsikapan nating gawin ang mga bagay na makapagdudulot ng kapayapaan at makapagpapatibay sa isa't isa.

TUGUNAN

Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.
— Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Lagi kang narito upang ako'y tulungan,
— Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Panginoon, ituro sa iyong bayan ang landas ng kaligtasan at ang kapatawaran sa kanilang kasalanan.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Purihin ang Diyos, ang ating Ama, na nangangalaga sa kanyang mga anak at hindi nagwawalang bahala sa kanilang mga panalangin. Buong kababaang-loob tayong dumulog sa kanya:

Panginoon, liwanagan mo kami.

Pinasasalamatan ka namin, Panginoon, na pangunahan kami ng iyong karunungan,
— upang tumahak kami sa isang bagong buhay.

Ang iyong karunungan ang gumabay sa amin,
— upang panibagong buhay ang aming tahakin.

Amin nawang mabata ang mga kahirapan nang may tapang alang-alang sa ngalan mo,
— at maging bukas-palad sa paglilingkod sa iyo.

Sa araw na ito, patnubayan ang aming isip, kalooban at asal,
— tulungan kaming makasunod sa iyong mapagpalang paggabay.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ang katapatan nawa sa paglilingkod
ng mga banal na magkapisan sa kapatiran
ay amin nawang makamtan
yayamang ang kanilang maaasahang pakikiisa
sa pananampalataya ng Mahal na Ina ng Diyos
ay nagbunsod sa kanila upang italaga ang sarili
sa iyo at sa kapwa tao
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Lahat kayong nabubuhay, ngayon ay mag-awitan,
Pasalamatan ang Diyos, na sa ati'y lumalang.
Lagi siyang kasama, at inaalagaan,
Hanggang sa huling araw, tayo'y ginagabayan.

Ilaw n'ya'y nangunguna, tanglaw sa hating-gabi,
Pinapawi ang dilim, anino'y walang silbi,
Batas ay katarungan, kalikasan ang saksi,
Araw, bundok at dagat, siya ang sinasabi.

Tayo'y dapat umawit, galak ay ipahayag,
Siya'y ating sambahin, siya'y purihin ng lahat,
Tao ay magkaisa sa pagpapasalamat,
Osana at papuri, sa Diyos na ating lakas!

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Ginawa ko kayong ilaw ng lahat ng mga bansa upang dalhin ang dulot kong kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.**

Salmo 72

(Ang maringal na kapangyarihan ng Mesiyas)

I

Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran,
Sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan;
Upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan,
At pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.

Ang lupain nawa niya'y umunlad at managana;
Maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.
Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap
At ang mga taong wala'y pag-ukulan ng paglingap;
Yaon namang nang-aapi ay malupig at bumagsak.

Nawa sila ay maglingkod, silang lahat mong hinirang,
Hangga't mayro'ng namamalas na sikat ng buwa't araw.
Hari nila ay matulad sa ulan ng kaparangan;
Bumubuhos kung dumating sa lupain yaong ulan.

Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan,
Madama ng bansa niya at umunlad habang buhay.
Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak,
Mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat.

Sa harap n'ya ay susuko yaong mga nasa ilang;
At ang mga kaaway n'ya'y mahihiga sa lansangan.
Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya,
Maghahandog ng kaloob, ihahain din sa kanya;

Pati yaong mga hari ng Arabia at Etiopia,
May mga kaloob ding taglay nilang alaala.
Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya,
Mga bansa'y magpupuri't maglilingkod sa tuwina.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Ginawa ko kayong ilaw ng lahat ng mga bansa upang dalhin ang dulot kong kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.**

Antipona 2: **Ililigtas ng Panginoon ang mga anak ng mga dukha at iaahon sila sa pagkaalipin.**

II

Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag,
Lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap;
Sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag;
Sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas.

Inaagaw niya sila sa kamay ng mararahas,
Sa kanya ang buhay nila'y mahalagang hindi hamak.
Pagpalain itong hari! Siya nawa ay mabuhay!
At magbuhat sa Arabia'y magtamo ng gintong-yaman;
Sa tuwina siya nawa'y idalangin nitong bayan,
Kalingain nawa ng Diyos, pagpalain habang buhay.

Sa lupai'y sumagana nawang lagi ang pagkain;
Ang lahat ng kaburulan ay mapuno ng pananim
At matulad sa Libano na mauunlad ang lupain.
Yaong kanyang mga lungsod, dumami ang mamamayan,
Sindami ng mga damong tumubo sa kaparangan.

Nawa yaong kanyang ngalan ay h'wag nang malimutan,
Manatiling laging bantog na katulad nitong araw;
Nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa,
At sa Diyos, silang lahat dumalanging: "Harinawa
Pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala."

Ang PANGINOON, Diyos ng Israel, purihin ng taong madla;
Ang kahanga-hangang bagay tanging siya ang may gawa.
Ang dakilang ngalan niya ay purihin kailanman,
At siya ay dakilain nitong buong sanlibutan!
Amen! Amen!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Ililigtas ng Panginoon ang mga anak ng mga dukha at iaahon sila sa pagkaalipin.**

Antipona 3: **Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.**

Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a
(Ang hatol ng Diyos)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,
Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.
Panahon na upang lipulin mo ang mga nagpahirap sa sanlibutan.

Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesias ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit
Ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,
At lahat ng naninirahan diyan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Pedro 1:18-23)*

Alam ninyo kung ano ang itinubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Ang itinubos sa inyo'y di mga bagay na nasisira o nauubos, paris ng ginto o pilak, kundi ang buhay ni Kristong inihain sa krus. Siya ang Korderong walang batik at kapintasan. Itinalaga na siya ng Diyos sa gawaing ito bago pa nilikha ang daigdig, at alang-alang sa inyo, ipinahayag siya bago sumapit ang katapusan ng mga panahon. Dahil sa kanya, nanalig kayo sa Diyos na sa kanya'y muling bumuhay at nagparangal, anupa't ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nasa Diyos.

Ngayong malinis na kayo dahil sa inyong pagsunod sa katotohanan, anupa't naghahari na sa inyo ang tapat na pag-iibigan bilang magkakapatid, nawa'y maging maalab at taos sa puso ang inyong pagmamahalan. Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng tao kundi sa bisa ng buhay at walang kamatayang salita ng Diyos.

TUGUNAN

Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.
— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

Handog niyang himlayan sa aki'y sariwang pastulan,
— hindi ako magkukulang.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Kung nauuhaw kayo sa kabanalan, pupunuin ng Diyos ang inyong pagnanasa, tamang sukat at nag-uumapaw pa.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Itinataas natin ang ating mga puso sa ating Panginoon at Tagapagligtas, na nagkakaloob sa kanyang bayan ng bawat pagpapalang espirituwal. Taimtim nating hilingin:

Basbasan mo ang iyong sambayanan, Panginoon.

Maawaing Diyos, patatagin mo ang aming Papa, N. at ang aming Obispo, N.
— ilayo mo sila sa lahat ng ligalig.

Kalingain mo, Panginoon, ang aming bansa,
— iadya mo kami sa lahat ng masama.

Tawagin mo ang kalalakihan upang maglingkod sa iyong altar,
— at masundan ka sa kalinisan, karukhaan, at pagkamasunurin.

Pangalagaan mo ang kababaihang nagpanata ng kanilang sarili sa iyo,
— upang saan ka man papunta'y makasunod sa iyo, O banal na Kordero.

Makatagpo nawa ang mga yumao ng kapahingahang walang hanggan,
— at maging matibay ang bigkis na nag-uugnay sa amin
sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga biyayang espirituwal.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ang katapatan nawa sa paglilingkod
ng mga banal na magkapisan sa kapatiran
ay amin nawang makamtan
yayamang ang kanilang maaasahang pakikiisa
sa pananampalataya ng Mahal na Ina ng Diyos
ay nagbunsod sa kanila upang italaga ang sarili
sa iyo at sa kapwa tao
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Sa paglipas ng maghapon, kami'y nagdarasal;
Ipadala nawa ang 'yong Espiritung Banal,
Pinasasalamatan ang iyong kabutihan,
Pupurihin kang lagi ng puso't kalooban.

O Mabuting Pastol, tunghayan ang iyong kawan.
Iunat sa 'min ang mapagpagaling mong kamay
Upang kami'y ingatan sa aming pagkahimlay.
Ang tanging panalangi'y iyo sanang bantayan.

Antipona: **Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.**

Salmo 16
(Ang Diyos ang aking bahagi, ang aking mana)

O Diyos, ako'y ingatan mo, ingatan ang iyong lingkod,
Ang hangad ko ay maligtas kaya sa 'yo dumudulog;
"Ikaw'y aking PANGINOON," ang wika ko sa aking Diyos,
"Kabutihang tinanggap ko, ay ikaw ang nagkaloob."

Mga lingkod ng PANGINOON ay dakila't mararangal!
Ligaya na ng sarili ang sila ay makapisan.
Silang bumaling sa ibang diyos, sulirani'y abut-abot,
Sa pagsambang gawi nila, ako ay hindi lalahok.

Ikaw lamang, O PANGINOON ko, ang lahat sa aking buhay,
Ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan;
Ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay,
Kay inam ng kaloob mong sa akin ay ibinigay!

Pinupuri ko ang PANGINOON na sa akin ay patnubay,
Kahit gabi diwa niya ang sa aki'y umaakay.
Nababatid ko na siya'y kasama ko oras-oras,
Sa piling n'ya kailanma'y hindi ako matitinag.

Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak,
Ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag.
Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak,
Sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas.

Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan,
Sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan;
Ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: **Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Tesalonica 5:23)*

Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan — ang espiritu, kaluluwa, at katawan — hanggang sa pagparito ng ating PANGINOONG Hesukristo.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Diyos,
gawaran kami ng mapayapang pagkahimlay
upang palakasin ang aming mga pagod na katawan.
Panibaguhin nawa kaming lagi ng iyong pagsaklolo
at panatilihin kaming matatag sa paglilingkod sa iyo.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.